



# MGA PANANAW, KARANASAN AT HAMON NG MGA MAG-AARAL NA MAMAMAHAYAG SA PAMAHAYAGANG PANGKAMPUS

Jonarie P. Canlom<sup>1</sup>, Josephine B. Baguio<sup>2</sup>

<sup>1</sup>Student, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines

<sup>2</sup>Faculty, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra23337>

DOI No: 10.36713/epra23337

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong-penolohikal na pananaliksik na nagsiyasat sa mga paghihirap, hamon, at mga paraan ng pagharap ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pamahayagang pangkampus. Sa pamamagitan ng purposive sampling, sampung kalahok ang pinili upang lumahok sa masusing panayam na naglalayong maunawaan ang kanilang mga karanasan. Sa tematikong pagsusuri ng mga datos, natukoy ang tatlong pangunahing paghihirap na kinahaharap ng mga mag-aaral, kabilang ang kakulangan sa oras, kakulangan sa kasanayan at pagsasanay, at emosyonal na pagkapagod. Sa aspeto naman ng hamon, lumitaw ang kakulangan sa kalayaan sa pagpapahayag, kawalan ng malinaw na direksyon mula sa pamunuan, at tensyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamahayagan. Bilang tugon sa mga ito, natukoy din ang tatlong paraan ng pagharap ng mga mag-aaral, tulad ng pagsusumikap sa sariling pagkatuto, pakikipag-ugnayan at pagtutulungan sa kapwa, at paninindigan sa layunin ng pamamahayag. Ang mga natuklasan ay nagbibigay ng mahahalagang implikasyon para sa mga tagapayo, pamunuan, at mananaliksik upang mapabuti ang kalagayan at kasanayan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pamahayagang pangkampus.

**MGA SUSING SALITA:** Paghihirap, Hamon, Paraan ng Pagharap, Mag-aaral na Mamamahayag, Pamahayagang Pangkampus

## INTRODUKSYON

Ang pamahayagang pangkampus ay isang mahalagang programa sa paaralan upang maipalaganap ang impormasyon sa komunidad. Ito ay isang plataporma para sa mga mag-aaral na maisagawa ang kanilang mga kasanayan sa pamahayagan at makatutulong sa kanila na isulong ang kanilang pag-aaral lalo na sa mabilis na pagbabago ng ika-21 siglo. Naniniwala si Sapungan (2013) na ang campus press ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa kampanya upang pagsilbihan ang masa at ang programa ng paaralan at mga komunidad bilang bahagi ng patuloy na eksperimento. Sa katunayan, idinagdag niya na ito ang pangunahing tagapaghatid ng impormasyon na siyang batayan ng mga saloobin at opinyon na nagdidikta ng mga aksyon ng bawat indibidwal. Hindi maipagkakaila na nakararanas ng suliranin ang mga mag-aaral na mamamahayag sa larangan ng pamahayagang pangkampus.

Kaya naman, kailangang mahasa ang mga bagong manunulat sa kampus na sinusupportahan ng gobyerno ng Pilipinas sa tulong ng Republic Act 7079 o kilala bilang Campus Journalism Act of 1991 (CEAP Bulletin, 1991). Layunin ng batas na ito na itaguyod ang kalayaan ng pamamahayag. Sa antas ng kampus, upang itaguyod ang pag-unlad at paglago ng pamahayag pangkampus bilang isang paraan ng pagpapalakas ng mga pagpapahalagang etikal, paghikayat sa kritikal at malikhaing pag-iisip, pagbuo ng moral na karakter at personal na disiplina ng kabataang Pilipino.

Ang paggawa ng mga may kakayahang mamamahayag na mag-aaral ay kailangang masanay upang mabuo ang kanilang mga kasanayan sa pakikipagtalastasan para sa kanila na magsulat ng mga mahusay na artikulo at maihatid ang mensahe nang tama. Dahil sila ay nakikitang ahente ng katotohanan, ang mga manunulat sa kampus ay itinuturing na nagsasalita ng mga isyu nang mahusay at nakakahanap ng mga komprehensibong solusyon na maiaalok sa lipunan. Bilang karagdagan, ang mga mamamahayag na mag-aaral ay dapat na mahusay na magsulat at magsulat ng mabilis tungkol sa mga isyu na karapat-dapat sa balita na may mas malalim na pag-unawa upang masuri ang umiiral na mga kaguluhan sa lipunan (Arao, 2013).

Sa bansang Amerika, batay sa Annual Survey of Journalism and Mass Communication Graduates, noong 2009, bumaba sa 61.9 mula 71.5 percent noong 2008 ang bilang ng mga nagtapos sa pamahayagan at komunikasyong masa na mayroong kahit isang alok na trabaho nang matapos ang kanilang kurso sa 61.9. nakaraan, noong 2000, 82.4 porsyento ng mga nagtapos ay nagkaroon ng kahit isang alok na trabaho (Vernon, 2011). Sa humihinang ekonomiya at sa mga pagbabagong patuloy na kinakaharap ng pamamahayag, mahalagang tingnan kung ano ang nag-uudyok sa mga mag-aaral na ipagpatuloy ang pamamahayag bilang isang larangan ng pag-aaral at bilang isang karera. Sa katunayan, ang United States Department of Labor's Bureau of Labor Statistics (2011) ay nag-uulat na ang mga mag-aaral sa



pamahayagan na gustong maging kumpitensya sa kasalukuyang market ng trabaho ay dapat magkaroon ng malakas na kasanayan sa pagsusulat, mga grapiko ng kompyuter at mga kasanayan sa desktop-publishing, mga kasanayan sa sistema ng pamamahala ng nilalaman, at kasanayan sa lahat ng anyo ng multimedia, pag-uulat na tinulungan ng kompyuter. Higit pa rito, iginiit ng St. Clair (2015) na ang mga nagtapos sa pamamahayag na nagnanais na magtrabaho sa medya kaya't kailangang maging pleksibol, makabago at masigla upang mabuhay nang propesyonal sa umuusbong na tagpuan na ito. Gayunpaman, sa bansang Australia, ang mga tagapagturo ng pamamahayag at industriya ay nakipaglaban upang maabot ang isang pinagkasunduan sa kung ano ang dapat ihatid ng kontemporaryong kurikulum ng pamahayagan (Tanner, 2014 sa St. Clair, 2015). Habang ang ilang mga programa sa pamahayagan ay kumakapit sa isang lumang kurikulum na nakatuon sa paggawa ng pahayagan, ang iba ay gumagamit ng mga bagong kurikulum na nakatuon sa magkakaiibang mga kasanayan sa pagsulat at teknolohiya at ang kanilang lugar sa pamahayagan (Carnegie-Knight, 2011). Ipinapakita lamang nito kung paano umunlad ang pamahayagan.

Bukod pa rito, sa Pilipinas, ang kalikasan ng pamahayagan bilang isang extra-curricular na larangan kapwa sa elementarya at sekondarya ay nagbago rin kasama ng mga kompetisyon nito sa iba't ibang antas. Gayunpaman, walang pamahayagang elektib sa Basic Education Curriculum na tumutugon sa ebolusyon na ito at karamihan sa mga guro ay umaasa sa mga pana-panahon na pagsasanay na itinatataguyod ng Kagawaran ng Edukasyon at non-government organizations (Estella, 2015). Iginiit pa niya na maraming tagapayo sa publikasyon ng paaralan ang napag-iwanan ang sarili at walang sapat na pagsasanay sa pagtuturo ng mga prinsipyo ng pamahayagan sa mga mag-aaral na manunulat. Ipinahihiwatig lamang nito na may pangangailangang magpatupad ng programa sa pamahayagang pangkurikulum upang matugunan ang mga pangangailangan at pagkakataon sa pagsulat ng mga mamamahayag na mag-aaral ng Filipino.

Samantala, sa Metro Manila, itinuro ni Luna (2012) na humigit-kumulang 30% ng mga publikasyong nagpapatakbo ng kampus ay hindi teknikal na kayang gumawa ng mga dalubhasa at dekalidad na pahayagan. Sinabi pa niya na may kapabayaang prayoridad na agwat sa pagitan ng mga publikasyon ng paaralan at administrasyon ng paaralan kung saan ang tumataas na bilang ng mga depress na publikasyong pangkampus ay nagpahihiwatig ng pag-anod at nakapanghihina ng loob sa mga uso sa pambansang medya kung saan ang mga komunikasyon ay may mahalagang papel.

Sa pag-aaral ni Estella (2015), kailangang tuklasin ang pagtuturo ng elementarya ng pamahayagan na nagmumula sa mga problema sa paghahanda ng mga guro sa mga antas ng kasanayan, kaalaman, at pagpapahalaga sa pagtuturo ng pamahayagan dahil hindi ito kasama sa Basic Education Curriculum. Higit pa rito, iminumungkahi ni Dela Cruz (2019) na ang isang matalinong akademiko/pamahayagan na interbensyon na mga hakbang na maaaring makinabang sa mga mamamahayag na mag-aaral upang

lumampas o higit sa karaniwan na kakayahan sa pagsulat ng mga artikulo ay dapat na maisakatuparan at isama sa kurikulum. Sa kabila ng mga pagkakataon sa pagsulat na iniaalok sa mga manunulat na mag-aaral sa pamamagitan ng pamahayagan, sinabi ni Wang (2014) na ang mga komposisyon ng mga mag-aaral ay nananatiling hindi idyomatiko, hindi maayos ang pagkakaayos, at hindi akma sa gramatika at hindi sinusunod ang mga aspeto ng akademikong pagsulat. Isa ito sa mga dahilan kung bakit natatalo ang ilang mamamahayag na mag-aaral sa isang patimpalak kung saan ayon kay Pingad (2014), ang mga paligsahan sa pamahayagan ay pinagmumulan ng prestihiyo para sa mga administrador ng paaralan at higit sa lahat sa mga guro sa pagdating ng kanilang lugar. Kaya naman, kailangang lubusang paunlarin ang mga kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na mamamahayag. Makatutulong din ito sa kanila na makahanap ng mga oportunidad sa trabaho sa hinaharap.

Sa huli, ang agwat ay natukoy na mayroong mababang dami ng mga pananaliksik na isinasagawa sa ibang bansa o sa bansa na nakatutok sa mamamahayag na mag-aaral. Sa layuning matuklasan ang mga buhay na karanasan ng mag-aaral na mamamahayag. Ang mananaliksik ay hinihimok na magsagawa ng ganitong uri ng pag-aaral sa mga mag-aaral sa pamahayagang pangkampus ng Mataas na Paaralan ng Maramag Districk II Sangay ng Bukidnon. Gayundin, nais ng mananaliksik na tuklasin ang kanilang mga pakikibaka bilang tagapaghatid ng katotohanan sa antas ng kampus lalo na sa pagsali sa paligsahan sa pamahayagan at paggawa ng pahayagang pangkampus na walang programang kasama sa kurikulum.

### Mga Katanungan sa Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pananaw, karanasan at hamon ng mga mag-aaral na mamamahayag. Sa katiyakan, tinangkang sagutin ng pag-aaral na ito ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang paghihirap na nararanasan ng mag-aaral na mamamahayag sa pamahayagang pangkampus?
2. Ano-ano ang hamon ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pamahayagang pangkampus?
3. Ano ang mga paraan na ginagawa ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pagharap sa mga kahirapan sa pamahayagang pangkampus?

### Pilosopikal na Palagay

Ang pilosopikal na palagay ay bibigyang konsiderasyon ng mananaliksik sa kaniyang pag-aaral upang matukoy ang mga posibleng kinalalabasan na dapat isaalang-alang. Ayon kay Creswell (2013) may apat na pangunahing palagay na kailangang isaalang-alang ng mananaliksik sa pagbuo ng pag-aaral; (1) ang ontolohiya, (2) epistemolohiya, (3) axiolohiya at (4) retorika.

Ang ontolohiya ay ang likas na katangian ng katotohanan. Ito ay tumutukoy sa kung paano ang suliranin ay may kaugnayan sa likas na katangian ng katotohanan. Ang mga makatotohanang ideya ay niyakap at iuulat ng mananaliksik sa pamamagitan ng paggalugad ng maraming uri ng katibayan mula sa iba't ibang karanasan ng indibidwal. Habang, ang epistemolohiya ay kung



paano malaman ng mananaliksik ang kaniyang dating kaalaman. Minabuti ng mananaliksik na naroon siya sa pagsasagawa ng panayam sa mga kalahok upang makakuha ng sapat na impormasyon mula sa isinagawang panayam. Sa pag-aaral na ito, ang mga kalahok na pipiliin ng mananaliksik ay ang mga mamamahayag na mag-aaral ng pamahayagang pangkampus sa Filipino sa Sangay ng Lungsod ng Davao. Samatala, ang axiolohiya ay ang kahalagahan na ginagampanang papel sa pananaliksik. Sinusukat ang pagiging makatotohanan ng mga datos na nakalap sa pananaliksik at maging ang pag-uulat ng kabuoang resulta ng pag-aaral. Tiniyak ng mananaliksik na mapapakinabangan ang isinagawang pag-aaral.

Ang metodolohiya ay ang paraan o prosesong gagamitin sa pananaliksik. Ang pag-aanalisa, paglilikom, at pagsusuri ng mga datos ay kasali sa prosesong ito. Sa pag-aaral na ito, ipinalalagay ng mananaliksik na ang magiging kinalalabasan ng pag-aaral na ito ay ang pagsisiwalat sa mga karanasan ng mga mamamahayag na mag-aaral ng pamahayagang pangkampus. Bukod dito, mapaingting ang pagsasagawa ng pananaliksik upang mapahalagahan ang pangangailang ng mga mamamahayag na mag-aaral.

#### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik. Ang disenyo ng kuwalitatibong pananaliksik ay inilalarawan bilang isang diskarte para sa paggalugad at pag-unawa sa kahulugan ng mga indibidwal o grupo na iniuugnay sa suliraning panlipunan o pantao (Creswell, 2013). Ang proseso ng pananaliksik ay nagsasangkot ng mga umuusbong na tanong at pamamaraan, datos na karaniwang kinokolekta sa lugar ng mga kalahok, pagsusuri ng datos na pasaklaw na pagbuo mula sa partikular hanggang sa pangkalahatang mga tema. Ang mananaliksik ay gumagawa ng mga interpretasyon ng kahulugan ng datos. Gayundin, ang disenyo ay inilarawan bilang isang modelong lumalabas na nangyayari sa isang natural na tagpo na nagbibigay-daan sa mananaliksik na bumuo ng isang antas ng detalye mula sa mataas na pakikilahok sa aktwal na mga karanasan (Creswell, 1994).

Sinabi nina Leedy at Ormrod (2001) na ang disenyo ng pananaliksik ay hindi gaanong nakabalangkas sa paglalarawan dahil ito ay bumubuo at bumubuo ng mga bagong teorya. Inilarawan ito ni Creswell (2003) bilang isang epektibong modelo na nangyayari sa isang natural na tagpo na nagbibigay-daan sa mananaliksik na bumuo ng isang antas ng detalye mula sa pagiging lubos na kasangkot sa aktwal na mga karanasan. Sa kontekstong ito, ang disenyong ito ay gagamitin upang malaman ang mga paghihirap ng mga mamamahayag na mag-aaral. Sa partikular, ang pag-aaral na ito ay gagamit ng interpretatibong penemonolohiyang dulog. Ang layunin ng dulog na ito ay upang maunawaan ang isang karanasan mula sa pananaw ng mga kalahok (Leedy at Ormrod, 2001).

Ang pokus ay sa mga karanasan ng kalahok sa kaganapan o sitwasyon at sinusubukan ng pag-aaral na sagutin ang tanong ng

karanasan. Itinuturo ni Creswell (1998) na ang esensya ng pag-aaral na ito ay ang paghahanap para sa sentral na pinagbabatayan na kahulugan ng karanasan at binibigyang-diin ang intensyonalidad ng kamalayan kung saan ang mga karanasan ay naglalaman ng parehong panlabas na anyo at panloob na kamalayan batay sa memorya, imahe, at kahulugan. Katulad nito, ito ay may kinalaman sa pag-aaral ng pandama ng tao sa mga pangyayari o penomena mula sa aktwal na mga pangyayari sa totoong mundo. Ito ay muling pagbabalik-tanaw sa mga karanasan ng mga kalahok na kasangkot sa pag-aaral at pagpapalalim sa kanilang mga iniisip, pagtukoy sa kakanyahan ng karanasan tulad ng inilarawan ng mga kalahok sa pamamagitan ng mahahabang talakayan (Creswell, 2013).

Dagdag pa, ang layunin ng interpretatibong penomenolohikal na dulog ay upang matuklasan kung ano ang ibig sabihin ng isang buhay na karanasan sa indibidwal sa pamamagitan ng isang proseso ng malalim na mapanimdim na pagtatanong (Smith, Flowers, at Larkin, 2009). Ang interpretatibong penomenolohikal na dulog ay kumukuha sa penomelohikal na pag-iisip, na may layuning bumalik sa mga bagay mismo (Husserl, 2001). Gayunpaman, kinikilala din ng interpretatibong penomenolohikal na dulog na ang bawat isa sa atin ay naiimpluwensyahan ng mundo kung saan tayo nakatira at ang mga karanasang ating nararanasan. Samakatuwid, ang interpretatibong penomenolohikal na dulog ay isang proseso ng interpretasyon sa pagitan ng mananaliksik at sinaliksik, na pangunahing naiimpluwensyahan ng interpretatibong penomenolohikal, hermeneutics at idiography ni Heidegger (Tuffour, 2017). Sa konteksto ng pag-aaral, ang pamamaraang ito ay gagamitin upang matuklasan ang mga buhay na karanasan ng mag-aaral na mamamahayag.

#### Mga Kalahok ng Pananaliksik

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ng Mataas na Paaral ng Maramag II Distrito ng Davao Del Sur na nasa ilalim ng kagawaran ng publikasyon ng pamahayagang pangkampus. Hindi bababa sa 8 mamamahayag ng mag-aaral ang isasaalang-alang bilang mga kalahok ng pag-aaral. Sila ay pipiliin nang may layunin. Samantala, inirerekomenda ni Creswell (1998) ang 5 hanggang 8 kalahok sa paggamit ng penomenolohikal na dulog. Dagdag pa, ang mga kalahok ay titipunin sa isang lugar kung saan sila ay komportable. Isasailalim sila sa isang focus group discussion.

Sinabi ni Hancock (2011) na ang mga nakatutok na grupo ay isasaalang-alang na magtrabaho nang maayos sa humigit-kumulang walong tao. Sa kuwalitatibong pananaliksik, ang mga kalahok ay lubos na malalaman ang tungkol sa gagawing panayam, ang oras at lugar na itinakda kung kailan at saan gagawin ang pagpupulong (Creswell, 2012; Lochmiller at Lester, 2016; Patton, 2015), mas gusto ng tagapanayam ang lugar (Boyce at Neale, 2012) at oras na iminungkahi ng mga kalahok para sa kanilang sariling kaginhawahan (Hancock, Ockleford, at Windridge, 2012; Lochmiller at Lester, 2016).



### Etikal na Konsiderasyon ng Pag-aaral

Laging kong isasaalang-alang ang etika ng pagsasagawa ko ng pananaliksik na ito. Bago ko ipamamahagi ang mga talatanungan, sasailalim muna sa pagsusuri ang ginawa kong una hanggang ikalawang kabanata sa mga dalubhasa upang masiguro ang kawastuhan at kaangkupan ng etika at maisasaalang-alang sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito. Lagi akong tatalima at susunod sa lahat ng pamantayan at komento mula sa nasabing komite. Sa pangangalap ko ng datos, ang mga liham-pahintulot ay ilalakip sa talatanungan kung saan ang mga pangunahing kalahok ay kailangang lumagda upang matiyak na kusa silang sumangsang-ayon sa gagawin kong pakikipanaman at sila ay hindi pinilit. Bukod dito, ang pagkakakilanlan ng mga pangunahing kalahok at napiling paaralan ay hindi isisiwalat sa alinman sa mga kabanata ng pag-aaral. Ang napiling mga mag-aaral sa pampublikong paaralan ay bibigyan ng kalayaang sumang-ayon o tumanggi nang walang anumang kahihinatnan o parusa o mawawalan ng benepisyo. Samakatuwid, pagkatapos maipapahayag at maipapakita sa mga mapipiling pangunahing kalahok ang layunin at benepisyo ng pag-aaral, ang mga karapatan ng mga pangunahing kalahok na makaambag ng mga kaalaman ay maingat na isasaalang-alang at susundin.

Isasaalang-alang ko ang pribadong pag-iingat at may sukdulang kompidensyalidad ang mga personal na impormasyon ng mga pangunahing kalahok na kakailanganin sa aking pag-aaral. Ang katanungang aking ibibigay tungkol sa isinasagawang kong pananaliksik o pakikipanayam ay malaya sa pagiging teknikal at talagang may kaugnayan upang mas magiging madali para sa aking mga pangunahing kalahok na makauunawa at maaaring masagutan ng bukal sa kalooban. Magbibigay ito sa mga pangunahing kalahok ng malinaw na pananaw tungkol sa benepisyo na kanilang makukuha pagkatapos maisasagawa ang pag-aaral.

Ang pag-aaral kong ito ay hindi makikitaan ng anumang bakas ng sinasadyang pag-aangkin ng gawain ng ibang mananaliksik o pag-aaral. Titiyakin kong akin lamang at hindi ginaya ang anumang bahagi ng pananaliksik na ito. Higit sa lahat, hindi ito maiimpluwensyahan ng pagiging mandarambong na makapanlamang sa mga pangunahing kalahok. Bukod dito, ang pag-aaral kong ito ay walang bakas o ebidensya ng maling pagkauunawaan sa gawa ng isang tao bilang nagmamay-ari nito. Sa karagdagan, nangangako ako na walang makikitang pangongopya sa iba kundi ito ay sarili kong gawa.

Sa kabuoan, ang pag-aaral kong ay hindi makikitaan ng bakas ng panlilinlang sa mga kahit sinung kalahok lalo na sa katanungang aking ibibigay at maging sa pagbabago ng kanilang mga kasagutan. Tinitiyak kong hinidi ako tumatangkilik ng anumang kasinungalingan bagkus isinasagawa ko ito ng buong katapatan. Ang ganitong pagdarambong ay nararapat-dapat sa pag-aaral upang makamit ang magandang resulta ng pag-aaral.

### Tungkulin ng Mananaliksik

Bilang isang mananaliksik, tungkulin kong mangalap ng maasahang impormasyon mula sa aking mga kalahok. Magagawa kong sundin ang ilang etika sa pakikipanayam upang matiyak ang pagiging tunay ng impormasyong ibinubunyang ng aking mga kalahok. Sa gawaing ito, iba't ibang tungkulin ang ipinakita ng mananaliksik. Ako ay gaganap bilang tagapanayam, tagakuha ng tala, enkwoder, at tagahatid. Sa huli, ako ang magiging pangunahing tagakolekta ng mga datos. Bilang isang tagapanayam, magsasagawa ako ng focus group discussion at malalim na panayam gamit ang semi structured interview guide. Ang panayam sa mga kalahok ay ititeyp upang matiyak na ang mga datos o impormasyong nakolekta ay sumasalamin sa mga aktuwal na tugon.

Higit pa rito, ako ay magiging isang tagamasid sa panahon ng panayam upang makita ang pag-uugali at aktibidad ng mga kalahok. Bilang karagdagan, itatala ko ang datos sa isang naaangkop na pormat upang magbigay ng makabuluhang pagsusuri sa datos na kokolektahin. Bukod pa rito, magiging mas maingat at sensitibo ako sa mga damdamin ng aking mga kalahok upang hindi sila masaktan o maging hindi komportable sa anumang paraan. Magpapakita ako ng kagandahang-loob sa mga sesyon ng panayam sa pamamagitan ng pagpapakita ng lubos na interes at atensyon habang ang mga kalahok ay naglalahad ng kanilang mga karanasan bilang mga mamamahayag ng mag-aaral.

### Paglikom ng mga Datos

Sa pangangalap ng datos, ito ay sumusunod sa mga hakbang. Una, hihingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Graduate School Dean ng Unibersidad ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Lungsod ng Davao. Pangalawa, ang nakasulat na kahilingan na humihingi ng pahintulot na magsagawa ng pag-aaral ay isusumite sa Tanggapan ng Superintendent ng Dibisyon. Ikatlo, pagkatapos ng pag-apruba, ibibigay ang liham sa mga punong-guro ng paaralan ng mga natukoy na paaralan sa dibisyon ng Davao City para sa pagsasagawa ng Focus Group Discussion. Ikaapat, sa pangangalap ng kuwalitatibong datos, ang mga kalahok ay sasailalim sa focus group discussion. Ang 8 kalahok na ito ay matatagpuan sa isang lugar kung saan ito ay maginhawa at maaari silang tumutok sa sesyon. Ipapaalam sa kanila ang kanilang partisipasyon o papel sa pag-aaral. Hindi sila mapipilitang sumagot o makilahok sa talakayan. Binibigyan sila ng kalayaan na hindi sumali sa anumang oras kung nakararamdam sila ng abala. Bibigyan sila ng informed consent para idikit ang kanilang lagda bilang tanda na sila ay may alam at magpapakita ng kanilang pagpayag o pakikilahok sa pag-aaral. Ang isang semi-structured na panayam ay gagawin ng mananaliksik kung saan ang mga tugon ng mga kalahok ay nakarekord na audio-tape. Ang mga tanong ay nakasentro sa kanilang mga buhay na karanasan sa pamahayagang pangkampus. Pagkatapos ng focus group discussion, isinasalin ang mga tugon ng mga kalahok. Mula sa transkrayb, itatala ng mananaliksik ang mga datos at bubuo ng mga tema. Ikalima, ang mga resulta ay ipinakita, sinusuri, at binibigyang-kahulugan.



### Pagsusuri ng mga Datos

Sa penomenohikal na pag-aaral na ito, isang kasangkapan lang ang gagamitin, thematic content analysis. Ang Thematic Content Analysis ay isang kuwalitatibong kasangkapan na tumutukoy sa mga patern o trend mula sa ilang partikular na tugon. Sa kontekstong ito, tutukuyin nito ang mga tema na kinuha mula sa mga karanasan ng mga mamamahayag na mag-aaral. Ayon kay Onuoha (2017), ang pagsusuri ng kuwalitatibong datos ay simpleng proseso upang makuha ang paliwanag sa isang payak na penomenon. Ito ay magbibigay ng pag-unawa sa mga layunin sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagbubunyag ng mga tagubilin at tema sa mga datos.

Ang pitong yugto na gagamitin ko sa pagsusuri ng mga datos ay mula kina Lochmiller at Lester (2017) upang mabuo ang kuwalitatibong pagsusuri. Ang mga bahaging ito ay angkop para sa Thematic Analysis, na kung saan layunin ng mananaliksik na gumawa ng malawak na mga pahayag na naglalarawat at sumasalamin sa pangkalahatang pag-unawa sa mga datos at bilang tugon sa katanungan sa pananaliksik. Matutunghayan natin ang mga hakbang sa isinagawang pananaliksik; (a) paghahanda at pagsasaayos ng mga datos, sa pagsasagawa ng pananaliksik ay inihahanda ng mananaliksik ang katanungan na gagamitin sa pag-aaral at isinasaayos ang mga datos na nakalap; (b) paglilipat ng mga datos, mula sa mga nakalap na datos sa iba't ibang hanguan ay agad inililipat ng mga mananaliksik ang mga datos upang hindi makalimutan at dapat maging maingat ang mananaliksik sa paglilipat ng mga datos na nakalap upang maiwasan ang pagkakamali; (c) pagkilala sa mga datos, mahalagang kilalanin ng mananaliksik ang mga taong pinagkukunan ng mga datos upang hindi mahatulan ng plagyarisismo at mahalaga na ang mga datos na nakuha ay may kaugnayan sa isinagawang pag-aaral; (d) pagtatala ng mga datos, mahalagang itala ang mga datos na nakalap upang hindi makalimutan at ang pagtatala ng mga datos ay nakatutulong din upang magabayan ang mananaliksik kung tama o may kaugnayan ang nakalap na datos; (e) pagpapangkat-pangkat ng mga datos, matapos nakakuha ng mga datos ay mahalagang maihahanay ang mga ito ayon sa tema ng resulta ng pag-aaral at madaling matukoy ng mananaliksik kung may kaugnayan ang mga datos na nakalap; (f) paglilipat mula sa pangkat hanggang sa kategorya at kategorya patungo sa tema, ang mga nakalap na datos na naihahanay na ay mahalagang makategorya batay sa tema na lumabas sa resulta upang maging maayos ang daloy ng pag-aaral; at, (g) ginawang malinaw ang proseso ng pagsusuri, nagpapahiwatig na dapat malinaw ang ginawang pagsusuri upang madaling maunawaan ng mga mambabasa.

### RESULTA AT TALAKAYAN

#### Mga Paghihirap na Nararanasan ng mga Mag-aaral na Mamamahayag sa Pamahayagang Pangkampus

Sa pamamagitan ng masusing panayam at tematikong pagsusuri, tinukoy sa pag-aaral na ito ang mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral na mamamahayag habang ginagampanan nila ang kanilang papel sa loob ng pamahayagang pangkampus. Tatlong pangunahing tema ang lumitaw sa pagsusuri: kakulangan sa oras,

kakulangan sa kasanayan at pagsasanay, at emosyonal na pagkapagod.

#### Kakulangan sa Oras

Ipinahayag ng mga kalahok na ang sabayang pagtupad sa kanilang mga tungkulin bilang mag-aaral at kasapi ng pamahayagang pangkampus ay nagdudulot ng kakulangan sa oras. Dahil sa dami ng kailangang gawin, mula sa pagsusulat ng balita, pagrerebisa, paglalapat ng disenyo, hanggang sa pagdalo sa klase at paggawa ng mga proyekto, kadalasan ay hindi sapat ang kanilang oras upang maisagawa ang lahat ng tungkulin nang maayos. Mga pahayag mula sa mga kalahok:

“May mga pagkakataon na inaabot ako ng madaling-araw kakagawa ng pahina ng pahayagan, tapos may pagsusulat pa kinabukasan.” (Kalahok 1)

“Nahihirapan akong pagsabayin ang mga takdang-aralin sa klase at ang mga kailangang tapusin sa pamahayagan. Hindi ko na alam kung alin ang uunahin.” (Kalahok 4)

“Pakiramdam ko palaging kulang ang oras. Parang wala nang puwang para sa pahinga.” (Kalahok 7)

Makikita sa mga pahayag na maraming kalahok ang nahihirapan sa pamamahala ng oras. Ipinahayag ni Kalahok 1 na umaabot siya ng hatinggabi sa pag-aayos ng pahina ng pahayagan, na sumasabay pa sa kanyang paghahanda sa mga pagsusulat. Si Kalahok 4 ay nagsalita tungkol sa kalituhan kung ano ang dapat unahin sa dami ng sabay-sabay na gawain. Samantalang si Kalahok 7 ay naghayag ng pagkapagod sa palagiang kakulangan ng panahon para sa sarili. Ipinapakita ng mga pahayag na ang kakulangan sa oras ay may direktang epekto hindi lamang sa kalidad ng kanilang mga gawain, kundi maging sa kanilang kalusugang pisikal at emosyonal.

Ang temang ito ay sumasalamin sa mga natuklasan nina Smith at Garcia (2020) na nagbigay-diin na ang kakulangan sa oras ay isang pangunahing hadlang sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto, lalo na sa mga sitwasyong nangangailangan ng masusing pagpapalano at indibidwal na pag-aalaga sa mga estudyante. Katulad nito, ayon kina Lee at Kim (2019), ang mga guro ay madalas na nahihirapang maglaan ng sapat na oras para sa mga gawaing hindi lamang nakatuon sa pagtuturo ng kurikulum kundi pati na rin sa emosyonal at akademikong suporta sa kanilang mga mag-aaral. Dagdag pa ni Martinez (2021) na ang epektibong pamamahala ng oras ay isang kritikal na kasanayan na kailangang linangin ng mga guro upang mapagaan ang stress at maiwasan ang burnout habang nilalabanan ang mga hamon ng kakulangan sa oras sa loob ng paaralan.

#### Kakulangan sa Kasanayan at Pagsasanay

Isa sa mga pangunahing hamon na nararanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag ay ang kakulangan sa sapat na kasanayan at pagsasanay sa larangan ng pamamahayag. Marami sa kanila ang nagsabing wala silang malinaw na oryentasyon o tuloy-tuloy na pagsasanay hinggil sa pagsusulat ng artikulo, pagkuha ng panayam, paglalapat ng anyo sa pahina, at iba pang teknikal na



gawain sa loob ng pamahayagan. Mga pahayag mula sa mga kalahok:

“Wala kaming pormal na pagsasanay. Kanya-kanya lang kami ng diskarte kung paano matututo.” (Kalahok 2)

“Nahihirapan ako kung paano kumuha ng panayam, lalo na kapag may mataas na posisyon ang kinakausap.” (Kalahok 5)

“Minsan, hindi ko alam kung tama ba ang istilo ng pagsusulat ko kasi walang nagtutuwid o gumagabay.” (Kalahok 6)

Makikita sa mga pahayag ng mga kalahok na may kakulangan sa organisadong pagsasanay o mentoring sa kanilang mga tungkulin bilang mamamahayag. Binanggit ni Kalahok 2 ang kawalan ng pormal na gabay, na nagtutulak sa kanila na umasa lamang sa sariling pagsisikap. Si Kalahok 5 ay nagpapakita ng kakulangan sa kasanayan sa pakikipanayam, isang mahalagang bahagi ng pamamahayag. Samantala, ipinapahayag ni Kalahok 6 ang kawalan ng kumpiyansa sa sarili dulot ng kakulangan sa puna at gabay mula sa mas nakaalam. Ipinapakita nito ang pangangailangang magkaroon ng sistematikong pagsasanay upang mapaunlad ang kanilang kasanayan.

Ipinapakita ng temang ito ang mga natuklasan ni Reyes at Navarro (2021) na tumutukoy sa kakulangan ng sapat na pagsasanay at kasanayan bilang isa sa mga pangunahing hamon ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pamahayagang pangkampus. Ayon kay Cruz (2020), ang kawalan ng pormal na pagsasanay ay nagdudulot ng kakulangan sa kumpiyansa at kalidad ng mga artikulo na kanilang inilathala. Dagdag pa ni Santos at Villanueva (2019) na ang tuloy-tuloy na mentoring at pagsasanay ay mahalaga upang mapalawak ang kanilang kasanayan sa pagsusulat, pagkuha ng panayam, at paggamit ng angkop na istilo sa pamamahayag.

### Emosyonal na Pagkapagod

Bukod sa mga teknikal na hamon, marami sa mga kalahok ang nagsabing dumaranas sila ng emosyonal na pagkapagod o “burnout” dahil sa bigat ng kanilang responsibilidad sa pamahayagan at kawalan ng sapat na suporta mula sa pamunuan o maging sa kanilang mga kapwa mag-aaral. Mga pahayag mula sa mga kalahok:

“May mga pagkakataon na parang walang nakakakita sa hirap ng ginagawa namin.” (Kalahok 3)

“Kapag may pagkakamali sa artikulo, kami agad ang napupuna, kahit wala naman nagbigay ng malinaw na patnubay.” (Kalahok 8)

“Minsan gusto ko nang huminto, pero pinipilit ko pa rin kasi mahal ko ang ginagawa ko.” (Kalahok 10)

Ipinapakita ng mga pahayag na ang emosyonal na bigat ng pagiging mamamahayag ay tunay na nararanasan ng mga kalahok. Si Kalahok 3 ay nagsalaysay ng damdamin ng hindi pagkilala sa kanilang pagsisikap. Si Kalahok 8 ay nabibigatan sa pagkakabasura ng kanilang pagkakamali sa kabila ng kawalan ng sapat na gabay. Samantala, si Kalahok 10 ay nagpapahiwatig ng pagpanganais na tumigil, subalit patuloy na nagpupunyagi dahil sa

pagmamahal sa tungkulin. Ang mga karanasang ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa emosyonal na suporta, pagpapahalaga, at tamang paggabay mula sa mga tagapayo at pamunuan ng paaralan.

Ang temang ito ay sumasalamin sa mga natuklasan ni Dela Cruz at Mendoza (2022) na nagsasaad na ang mga mag-aaral na mamamahayag ay nakararanas ng matinding emosyonal na pagkapagod dahil sa pressure ng pagsunod sa deadlines, kritisismo, at iba pang responsibilidad sa pamahayagang pangkampus. Ayon kay Garcia (2020), ang kakulangan ng emosyonal na suporta mula sa mga tagapayo at kapwa miyembro ng grupo ay nagdudulot ng stress at burnout na nakakaapekto sa kalidad ng kanilang trabaho. Dagdag pa ni Santos et al. (2019), ang pagbibigay ng tamang suporta at pagbabahagi ng mga karanasan sa mga kapwa mamamahayag ay mahalaga upang mapagaan ang bigat ng kanilang nararanasan.

### Mga Hamon ng mga Mag-aaral na Mamamahayag sa Pamahayagang Pangkampus

Sa isinagawang panayam at pagsusuri, lumitaw ang tatlong pangunahing hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral na mamamahayag sa kanilang aktibong pagsali sa pamahayagang pangkampus: kakulangan sa kalayaan sa pagpapahayag, kawalan ng malinaw na direksyon sa pamunuan, at pagkakaroon ng tensyon sa pagitan ng mga miyembro. Ang mga temang ito ay nagpapakita ng mga sistemikong balakid na hindi lamang teknikal kundi nakaugat sa ugnayan at istrukturang umiiral sa loob ng organisasyon.

#### Kakulangan sa Kalayaan sa Pagpapahayag

Isa sa mga mahigpit na hamon na binanggit ng mga kalahok ay ang limitadong kalayaan sa pamamahayag. Ilan sa mga artikulo na kanilang isinulat ay na-censor, pinakialaman, o hindi pinayagang mailathala, lalo na kung ito ay kritikal sa administrasyon o sa ilang patakaran ng paaralan. Dahil dito, nawawalan sila ng tiwala sa tunay na layunin ng pamamahayag bilang instrumento ng katotohanan. Mga pahayag mula sa mga kalahok:

“May mga artikulo na hindi pinayagang ilathala kasi daw baka makasira sa imahe ng paaralan.” (Kalahok 3)

“Parang may self-censorship kami, kasi natatakot kami na baka mapagalitan kung masyadong ‘totoo’ ang sulat.” (Kalahok 6)

“May pagkakataon na pinabura ang ilang linya sa editorial namin kahit wala namang mali.” (Kalahok 9)

Ipinapakita ng mga pahayag na ang kakulangan sa kalayaan sa pamamahayag ay isang konkretong hamon na nararanasan ng mga kalahok. Si Kalahok 3 ay naglahad ng tuwirang sensura mula sa pamunuan na naglalayong protektahan ang imahe ng paaralan. Samantala, si Kalahok 6 ay nagpahiwatig ng kusang paglalagay ng limitasyon sa sarili bilang anyo ng pag-iingat. Si Kalahok 9 ay nagbahagi ng karanasan kung saan pinakialaman ang kanilang editoriyal sa kabila ng pagiging makatotohanan. Ang mga karanasang ito ay nagpapakita ng pangangailangan sa malinaw na



polisiya na magtataguyod sa karapatan ng mga estudyanteng mamamahayag na magpahayag nang malaya at may pananagutan.

Ipinapakita ng pag-aaral nina Reyes at Bautista (2021) na isa sa mga pangunahing hamon ng mga mag-aaral na mamamahayag ay ang limitadong kalayaan sa pagpapahayag, na nagreresulta sa pagkakaroon ng pagkiling sa mga isinusulat at pagbawas sa kalidad ng pamamahayag. Ayon kay Lopez (2020), ang mahigpit na kontrol mula sa administrasyon at mga tagapayo ay nagdudulot ng takot at pag-aalinlangan sa mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang mga tunay na saloobin at opinyon. Dagdag pa ni Fernandez et al. (2019), ang pagkakaroon ng bukas at malayang plataporma para sa pamamahayag ay mahalaga upang mahikayat ang malayang pag-iisip at makapaghatid ng mas makabuluhang mga balita at pananaw.

#### **Kawalan ng Malinaw na Direksyon mula sa Pamunuan**

Ipinahayag ng mga kalahok na isa rin sa mga hadlang sa kanilang trabaho ay ang kakulangan ng matibay na liderato mula sa kanilang punong patnugot, tagapayo, o sa mga kasamahan. Ang kakulangan sa malinaw na tagubilin, hindi regular na pagpupulong, at kakulangan sa paggabay ay nagdudulot ng kalituhan, pagkaantala ng trabaho, at kawalan ng koordinasyon. Mga pahayag mula sa mga kalahok:

“Hindi namin alam kung kailan ang deadline, kung ano ang tema, kung anong klaseng artikulo ang kailangan.” (Kalahok 1)

“Minsan, wala talagang malinaw na plano. Basta sulat lang nang sulat tapos bahala na.” (Kalahok 5)

“Wala kaming orientation. Parang itinaon lang kami sa gawain.” (Kalahok 10)

Ipinapakita ng mga pahayag na ang kakulangan sa direksyon at sistematikong pamumuno ay hadlang sa maayos na operasyon ng pamahayagan. Si Kalahok 1 ay nagbahagi ng kakulangan sa impormasyon at gabay hinggil sa kanilang gawain. Ipinahiwatig ni Kalahok 5 ang kawalan ng estratehiya o layunin sa isinusulat nila. Samantala, si Kalahok 10 ay tumukoy sa kakulangan ng oryentasyon, na dapat sana’y nagbibigay ng panimulang direksyon. Ang mga karanasang ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa isang mas organisado, malinaw, at epektibong liderato sa loob ng pamahayagan upang mapatibay ang ugnayan at daloy ng trabaho.

Ayon sa pag-aaral nina Santos at Villanueva (2022), isa sa mga hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral na mamamahayag ay ang kakulangan ng malinaw at konkretong gabay mula sa pamunuan ng paaralan, na nagreresulta sa kalituhan at kawalang-katiyakan sa mga tungkulin at proseso ng pamamahala ng pamahayagang pangkampus. Nakasaad din sa pananaliksik ni Mendoza (2020) na ang hindi maayos na komunikasyon sa pagitan ng mga tagapayo at mga mag-aaral ay nagdudulot ng mababang morale at pagkaantala sa mga gawain ng pamahayagan. Dagdag pa sa mga obserbasyon nina Garcia at Reyes (2019), ang epektibong pamumuno at malinaw na direksyon ay mahalaga upang masigurong maipatutupad nang

maayos ang mga layunin at responsibilidad ng mga mamamahayag sa kampus.

#### **Pagkakaroon ng Tensyon sa pagitan ng mga Miyembro**

Bukod sa panlabas na suliranin, isa ring hamon ang internal na hidwaan sa pagitan ng mga miyembro ng pamahayagan. May mga nabanggit na hindi pagkakaintindihan, kawalan ng koordinasyon, at kakulangan sa respeto sa ideya ng isa’t isa. Nagiging sanhi ito ng pagkaantala ng gawain at pagbaba ng kalidad ng kanilang nilalathala. Mga pahayag mula sa mga kalahok:

“Nagkakaroon ng tampuhan kapag hindi pinapansin o binabago ang gawa ng iba nang walang paalam.” (Kalahok 4)

“Minsan may inggitan sa pagitan ng mga miyembro, lalo na sa mga mas madalas lumalabas ang byline.” (Kalahok 7)

“Hindi kami palaging nagkakasundo, kaya minsan naapektuhan ang produksyon.” (Kalahok 8)

Ipinapakita ng mga pahayag na ang interpersonal na tensyon ay isang sensitibong hamon na kailangang tugunan. Ibinahagi ni Kalahok 4 ang tungkol sa kakulangan ng komunikasyon na nagdudulot ng tampuhan. Si Kalahok 7 ay nagpahiwatig ng kumpetisyon sa loob ng organisasyon na nagdudulot ng inggitan. Si Kalahok 8 naman ay nagsalaysay ng direktang epekto ng hindi pagkakasundo sa kabuuang produksyon ng pahayagan. Ang mga ganitong karanasan ay nagpaphiwatig ng pangangailangan para sa regular na team-building, bukas na komunikasyon, at pagkakaroon ng kultura ng respeto sa opinyon at kontribusyon ng bawat isa.

Ipinapakita ng pag-aaral nina Cruz at Delos Santos (2021) na ang tensyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamahayagang pangkampus ay karaniwang sanhi ng magkakaibang pananaw, kakulangan sa komunikasyon, at kompetisyon sa loob ng grupo. Ayon kay Lopez (2020), ang ganitong mga hidwaan ay maaaring makaapekto sa moral ng grupo at magdulot ng hindi pagkakaunawaan na nagiging hadlang sa epektibong pagtutulungan. Samantala, tinukoy nina Ramirez at Aquino (2019) na ang pagbuo ng bukas na komunikasyon at regular na team-building activities ay epektibong estratehiya upang mabawasan ang tensyon at mapanatili ang pagkakaisa ng mga kasapi.

#### **Mga Paraan na Ginagawa ng mga Mag-aaral na Mamamahayag sa Pagharap sa mga Kahirapan sa Pamahayagang Pangkampus**

Batay sa panayam sa mga kalahok, natukoy ang iba’t ibang estratehiya at paraan na kanilang ginagamit upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa kanilang gawain bilang mamamahayag sa kampus. Tatlong pangunahing tema ang lumitaw: pagsusumikap sa sariling pagkatuto, pakikipag-ugnayan at pagtutulungan sa kapwa, at paninindigan sa layunin ng pamamahayag.



### Pagsusumikap sa Sariling Pagkatuto

Upang matugunan ang kakulangan sa kasanayan at gabay, ang ilan sa mga kalahok ay gumagawa ng sariling hakbang upang matuto. Sila ay nanonood ng mga tutorial, nagbabasa ng mga artikulo sa internet, o humihingi ng tulong sa mga may karanasan upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsusulat, panayam, layouting, at iba pang teknikal na aspeto ng pamamahayag. Mga pahayag mula sa mga kalahok:

“Wala man kaming training, nanonood na lang ako sa YouTube kung paano gumawa ng layout.” (Kalahok 2)

“Nagbabasa ako ng mga feature article online para malaman ko kung paano yung tamang flow.” (Kalahok 5)

“Kapag may hindi ako alam, nagtatanong ako sa upperclass na dating writer.” (Kalahok 6)

Makikita sa mga pahayag na ang mga mag-aaral na mamamahayag ay proactive sa paglinang ng kanilang kakayahan. Si Kalahok 2 ay gumagamit ng mga online na video bilang alternatibong paraan ng pagkatuto. Si Kalahok 5 naman ay nagsasaliksik sa internet upang mapabuti ang kanyang estilo sa pagsusulat. Samantala, si Kalahok 6 ay lumalapit sa mga mas nakatatandang kasapi upang matuto mula sa kanilang karanasan. Ipinapakita ng mga ito na sa kabila ng kakulangan sa pormal na pagsasanay, nagsusumikap silang matuto sa sariling paraan bilang tugon sa kanilang mga kahinaan.

Ayon kina Mendoza at Cruz (2020), ang mga mag-aaral na mamamahayag ay nagpapakita ng matinding pagsusumikap sa sariling pagkatuto upang mapunan ang kakulangan sa pormal na pagsasanay. Ipinapakita ng kanilang pag-aaral na ang mga kalahok ay naglalaan ng oras sa labas ng klase upang pag-aralan ang mga teknikal na kasanayan sa pamamahayag tulad ng pagsusulat, pag-edit, at pagkuha ng panayam. Sinusuportahan ito ni Garcia (2021) na nagsabing ang self-directed learning ay mahalaga upang matugunan ang mabilis na pagbabago sa larangan ng pamamahayag, lalo na sa mga kabataang mamamahayag. Bukod dito, tinukoy ni Santos (2019) na ang paggamit ng mga online resources at peer learning ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at paghasa ng kanilang mga kakayahan bilang mamamahayag.

### Pakikipag-ugnayan at Pagtutulongan sa Kapwa

Isa rin sa mga epektibong estratehiya ng mga mag-aaral ay ang pagkakaroon ng bukas na komunikasyon at pagtutulongan sa mga kapwa mamamahayag. Sa kabila ng mga tensyon at suliranin sa grupo, sinisikap ng marami na magkaroon ng pagkakaisa, palitan ng ideya, at tulongan ang isa't isa sa mga gawain upang mapagaan ang daloy ng trabaho. Mga pahayag mula sa mga kalahok:

“Nagkakaroon kami ng group chat para mabilis ang palitan ng updates at tulong.” (Kalahok 1)

“May mga pagkakataon na nagsasalo kami sa pag-eeedit para hindi mabigat sa isa lang.” (Kalahok 4)

“Mas nagiging maayos ang produksyon kapag bukas ang komunikasyon naming lahat.” (Kalahok 8)

Ipinapakita ng mga pahayag na ang pagtutulongan at maayos na komunikasyon ay susi sa matagumpay na pamamahala ng mga

gawain sa pamahayagan. Si Kalahok 1 ay nagpapakita ng inisyatiba sa paggamit ng teknolohiya upang mapabilis ang koordinasyon. Si Kalahok 4 ay nagbibigay-diin sa sama-samang pagganap ng tungkulin upang mabawasan ang pagod ng bawat isa. Si Kalahok 8 ay binigyang-halaga ang kahalagahan ng bukas na komunikasyon para sa ikagaganda ng takbo ng produksiyon. Ang mga ito ay nagpapahiwatig ng kolektibong diwa at pakikipagtutulongan bilang mabisang mekanismo ng pagharap sa mga hamon.

Ipinapakita ng mga pag-aaral nina Reyes at Delos Santos (2020) na ang epektibong pakikipag-ugnayan at pagtutulongan sa pagitan ng mga mag-aaral na mamamahayag ay mahalaga upang malampasan ang mga hamon sa pamahayagang pangkampus. Ang pagbabahagi ng kaalaman, pagbibigay ng suporta, at pagtutulongan sa mga gawain ay nagdudulot ng mas maayos na daloy ng trabaho at nagpapalakas ng samahan ng grupo. Ayon naman kay Villanueva (2021), ang kolaborasyon ay nakatutulong sa pagpapalawak ng perspektibo at pagbuo ng mas malikhain at makabuluhang mga artikulo. Dagdag pa ni Cruz (2019), ang pagtutulongan ay nagiging daan para mapabuti ang kakayahan sa komunikasyon at organisasyon ng mga mamamahayag, na siyang pundasyon ng matagumpay na pamamahala ng pahayagan.

### Paninindigan sa Layunin ng Pamamahayag

Sa kabila ng emosyonal na pagkapagod, sensura, at iba pang hadlang, nananatili ang dedikasyon ng mga kalahok sa layunin ng pamamahayag, ang maghatid ng impormasyon, katotohanan, at boses ng mga estudyante. Ang kanilang matibay na paninindigan sa tungkulin ay nagsisilbing inspirasyon upang magpatuloy, kahit sa gitna ng pagod, pressure, at kakulangan sa suporta. Mga pahayag mula sa mga kalahok:

“Kahit mahirap, pinipilit ko pa rin kasi alam kong may halaga yung ginagawa namin.” (Kalahok 3)

“Ang pahayagan ang boses ng estudyante, kaya mahalaga na patuloy kaming magsulat.” (Kalahok 7)

“Ginagawa ko ito hindi lang bilang requirement kundi dahil naniniwala ako sa layunin ng pamamahayag.” (Kalahok 10)

Ipinapakita ng mga pahayag na ang paninindigan sa tungkulin ay isang mahalagang dahilan kung bakit patuloy ang mga mag-aaral sa kabila ng mga pagsubok. Si Kalahok 3 ay nagpapahayag ng paninindigan sa kahalagahan ng kanilang ambag sa lipunan ng paaralan. Si Kalahok 7 ay binibigyang-diin ang responsibilidad ng pahayagan bilang tagapagsalita ng mga estudyante. Samantala, si Kalahok 10 ay nagpapakita ng mas mataas na pag-unawa sa kanilang papel, hindi lamang bilang miyembro ng organisasyon kundi bilang tagapagtaguyod ng katotohanan. Ipinapakita nito na ang ideolohikal na paninindigan ay isang mahalagang pinagmumulan ng lakas at direksyon sa gitna ng mga hamon.

Ayon kina Santos at Reyes (2020), ang malinaw na paninindigan sa layunin ng pamamahayag ay nagsisilbing gabay at inspirasyon sa mga mag-aaral na mamamahayag upang mapagtagumpayan ang mga pagsubok sa kanilang gawain. Ang matibay na



paninindigan ay nagbibigay lakas ng loob upang ipaglaban ang katotohanan at itaguyod ang integridad ng pahayagan, lalo na sa kabila ng mga hamon tulad ng kakulangan sa suporta at emosyonal na pagkapagod. Tinukoy naman ni De Guzman (2021) na ang pagkakaroon ng malalim na pananaw sa responsibilidad ng pamamahayag ay nakakatulog upang mapanatili ang dedikasyon ng mga mag-aaral sa kanilang tungkulin. Dagdag pa ni Lim (2019), ang paninindigan sa etika at layunin ng pamamahayag ay mahalaga upang mapanatili ang kredibilidad at pagiging makabuluhan ng mga inilalathalang artikulo.

### Konklusyon

Ang mga paghihirap na nararanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pamahayagang pangkampus ay nagpapakita ng mga seryosong suliranin na kailangang tugunan upang mapabuti ang kanilang karanasan at pagganap sa tungkulin. Isa sa mga pangunahing paghihirap ay ang kakulangan sa kasanayan at pagsasanay, na naglilimita sa kakayahan ng mga mag-aaral na gampanan ang kanilang papel bilang mamamahayag. Sa kawalan ng pormal na oryentasyon at sapat na mentoring, umaasa ang karamihan sa sariling diskarte, na kadalasang nagdudulot ng kawalan ng tiwala sa sarili. Ang pamamahala ng oras ay isa ring pangunahing problema, dahil pinagsasabay ng mga kalahok ang mga gawain sa pamahayagan at mga akademikong responsibilidad. Ang ganitong sitwasyon ay madalas humahantong sa emosyonal na pagkapagod, na kung minsan ay nagdudulot ng pagnanais na huminto sa organisasyon.

Ang mga hamon sa loob ng pamahayagan ay nagpapalala pa sa mga paghihirap ng mga kalahok. Kabilang dito ang kakulangan sa kalayaan sa pagpapahayag, kung saan limitado ang mga paksang maaaring talakayin dahil sa sensura ng ilang tagapayo o opisyal ng paaralan. Ang kawalan ng malinaw na direksyon mula sa pamunuan ay nagdudulot ng kalituhan at kawalan ng sistema sa pagpapatakbo ng organisasyon. Bukod pa rito, ang tensyon sa pagitan ng mga miyembro ay humahadlang sa epektibong komunikasyon at pagkakaisa sa loob ng grupo. Ang ganitong mga suliranin ay nakaapekto hindi lamang sa kalidad ng produksyon kundi pati na rin sa relasyon ng bawat isa sa loob ng pamahayagan.

Upang harapin ang mga paghihirap at hamon na ito, gumagamit ang mga mag-aaral na mamamahayag ng iba't ibang paraan ng pagharap. Ang pagsusumikap sa sariling pagkatuto ay isang pangunahing estratehiya, kung saan aktibo silang nagre-research, nanonood ng mga tutorial, at humihingi ng tulong sa mga mas may karanasan upang mapunan ang kakulangan sa kaalaman. Bukod dito, ang pakikipag-ugnayan at pagtutulungan sa kapwa ay nagsisilbing suporta upang maibsan ang bigat ng trabaho at makabuo ng mas organisadong sistema. Sa kabila ng lahat, ang kanilang paninindigan sa layunin ng pamamahayag ang nagsisilbing inspirasyon upang magpatuloy. Sa pamamagitan ng paniniwala sa halaga ng pagbibigay-bose sa kapwa mag-aaral, patuloy nilang nilalampasan ang emosyonal at pisikal na hamon ng kanilang tungkulin.

Ang mga karanasang ito ay nagpapahiwatig ng malalim na pangangailangan para sa mas maayos na suporta mula sa pamunuan ng paaralan, kabilang na ang pagbibigay ng sistematikong pagsasanay, malinaw na patnubay mula sa tagapayo, at pagbubukas ng espasyo para sa malayang pamamahayag. Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, maaaring mapahusay ang karanasan ng mga mag-aaral sa pamahayagan, mapanatili ang kalidad ng kanilang gawain, at mapaunlad ang kanilang personal at propesyonal na kakayahan sa hinaharap. Sa pag-aaral na ito, mahalagang maunawaan ang mga karanasan at pag-uugali ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pamahayagang pangkampus sa konteksto ng kanilang pagkatuto at pagharap sa mga hamon. Ang Social Cognitive Theory (SCT) ni Albert Bandura (2001) ang nagbibigay-linaw sa prosesong ito, sapagkat ipinapakita nito kung paano ang pagkatuto ay nagaganap hindi lamang mula sa personal na karanasan kundi pati na rin sa pagmamasid at pakikipag-ugnayan sa kapaligiran, kapwa panlipunan at pisikal.

Sa pamahayagang pangkampus, ang mga mag-aaral na mamamahayag ay nakakaranas ng mga hamon tulad ng kakulangan sa kasanayan, emosyonal na pagkapagod, at kakulangan sa kalayaan sa pagpapahayag. Sa ilalim ng SCT, ang kanilang pagkatuto ay maaaring maipaliwanag sa pamamagitan ng apat na sub-function ng observational learning: una, sila ay exposed o nabubungad sa mga halimbawa ng pamamahayag sa media at sa kanilang kapwa mamamahayag; pangalawa, kanilang ini-encode at inaala ang mga naobserbahang karanasan, gaya ng tamang paraan ng pagsulat at pag-aayos ng mga balita; pangatlo, isinasalin nila ang mga natutunang ito sa konkretong aksyon, tulad ng paggawa ng mga artikulo at pakikipanayam; at panghuli, ang mga gantimpala o positibong feedback mula sa mga tagapayo at kapwa mamamahayag ay nagiging motibasyon upang ipagpatuloy ang kanilang pagganap.

Bukod dito, ipinapakita rin ng SCT ang dinamiko ng interaksyon sa pagitan ng personal na salik (tulad ng kakayahan at determinasyon ng mag-aaral), kapaligiran (tulad ng suporta mula sa mga tagapayo at administrasyon), at ang kanilang pag-uugali bilang mamamahayag. Ang mga impluwensya ng kapaligiran ay maaaring maging positibo o negatibo, kaya't mahalaga ang tamang paggabay at suporta upang mapanatili ang mataas na antas ng pagkatuto at paglago ng mga mag-aaral.

### Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pananaliksik na ito, maaaring isaalang-alang ang ilang mungkahi upang matugunan ang mga paghihirap at hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pamahayagang pangkampus.

Mga Opisyaes ng Kagawaran ng Edukasyon ay maaaring magsagawa ng mga regular na pagsasanay na nakatuon sa larangan ng pamahayagang pangkampus upang higit na malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, panayam, pag-eeedit, at paglalapat ng layout. Bukod dito, makabubuting magsagawa ng mga seminar at workshop para sa mga tagapayo



ng pamahayagan upang mapaunlad ang kanilang kaalaman sa pagbabahagi ng kasanayan sa pamamahayag na angkop sa kasalukuyang panahon at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Administrasyon ng Paaralan ay inaasahang magbigay ng higit na pansin sa pangangailangan ng mga mag-aaral na mamamahayag at ng kanilang mga tagapayo. Mahalaga ring matiyak ang sapat na badyet o pondo para sa programa ng pamahayagang pangkampus upang maisakatuparan ang mga aktibidad at mapabuti ang kalidad ng nilalaman at produksyon ng pahayagan.

Mga Tagapayo sa Pamahayagang Pangkampus ng Paaralan ay hinihikayat na patuloy na palalimin ang kanilang kaalaman sa pamamahayag. Mahalaga na kanilang malinang ang sariling kakayahan sa pagtuturo ng pagsulat, pamamahala ng organisasyon, at pagbibigay-gabay sa mga mag-aaral, upang maging epektibong katuwang sa paghubog ng susunod na henerasyon ng mga mamamahayag.

Mga Magulang ay maaari ring gumanap ng mas aktibong papel sa pagtaguyod sa kanilang mga anak na bahagi ng pamahayagang pangkampus. Ang pagbibigay ng moral na suporta, pang-unawa sa responsibilidad ng kanilang anak, at maging ang kaunting pinansyal na tulong ay makatutulong upang mapagaan ang mga pasaning kinahaharap ng mga mag-aaral sa kanilang gawain.

Mga Mag-aaral na Mamamahayag ay hinihikayat na buksan ang kanilang sarili sa patuloy na pagkatuto. Ang pagpapalawak ng kaalaman sa iba't ibang anyo ng artikulo at ang mas aktibong paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ay makatutulong upang mas mapaunlad ang kanilang husay sa pagsusulat. Dapat din nilang tuklasin ang mga makabagong pamamaraan sa pamamahayag at linangin ang kanilang kakayahan bilang tagapagdala ng impormasyon at boses ng kapwa mag-aaral.

Mga Mananaliksik sa Hinaharap ay maaaring magpatuloy sa pagsasagawa ng mga pag-aaral kaugnay ng pamahayagang pangkampus. Mahalaga ang mas malalim na pagsusuri sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na mamamahayag at ng kanilang mga tagapayo, pati na rin ang patuloy na paghahanap ng mga solusyong makatutugon sa mga suliranin sa larangan ng campus journalism. Ang pagsusuri sa mga bagong teknolohiya, estratehiya sa pagsulat, at modelo ng mentoring ay maaaring makatulong upang higit pang mapaunlad ang larangang ito.

## MGA SANGGUNIAN

1. Adams, J. W., Brunner, B. R., & Fitch-Hauser, M. (2008). *A major decision: Students' perceptions of their print journalism education and career preparation*. *Simile*, 8, 1-11.
2. Arao, D. (2010). *Campus journalism and the shaping of public opinion*. Retrieved from <http://risingsun.dannyarso.com>
3. Arao, D. (2013). *Reviewing Republic Act of 1991*. Retrieved from <http://risingsun.dannyarao.com/2013/01/17/reviewing-thecampus->
4. Bandura, A. (1986). *Social foundations of thought and action: A social cognitive theory*. Prentice Hall.
5. Becker, L., Vlad, T., Coffey, A. J., & Hennink-Kaminski, H. (2003). *2003 Annual survey of journalism and mass communication graduates (Unpublished manuscript)*. James M. Cox Jr. Center for International Mass Communication Training and Research.
6. Bell, C., Haas, D., Newton, E., Philipps, M., Ross, B., & Shoemaker, L. (2012, August 3). *An open letter to America's university presidents*. Knight Foundation. Retrieved from <http://www.knightfoundation.org/press-room/other/open-letter-american-university-presidents>
7. Boers, R., Ercan, E., Rinsdorf, L., & Vaagan, R. W. (2012). *From convergence to connectivism: Teaching journalism 2.0*. *Online Journal of Communication and Media Technologies*, 2(4), 52-64.
8. Breiner, J. (2013, September 4). *What journalism schools can and can't teach students [Blog post]*. Retrieved from <http://www.mulinblog.com/2013/05/06/a-journalism-graduates-reflections-on-digital-skills-and-j-school-education/>
9. Coffey, A. J. (2007). *Linguistic market segmentation and audience valuation by U.S. television advertisers (Unpublished doctoral dissertation)*. University of Georgia.
10. Creswell, J. W. (1994). *Research design: Qualitative and quantitative approaches*. SAGE Publications.
11. Creswell, J. W. (1998). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five traditions*. SAGE Publications.
12. Creswell, J. W. (2003). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed method approaches*. Sage Publications.
13. Creswell, J. W. (2013). *Qualitative inquiry & research design: Choosing among five approaches (3rd ed.)*. SAGE.
14. Crook, J. (2013, June 20). *Instagram video vs. Vine: What's the difference?* Retrieved from <http://techcrunch.com/2013/06/20/instagram-video-vs-vine-whats-the-difference/>
15. Cruz, C. J. (2010). *Campus journalist and school paper (2nd ed.)*. Rex Bookstore Inc.
16. Cruz, E. M., & Delos Santos, A. P. (2021). *Conflict and communication in campus journalism organizations: Challenges and resolutions*. *Philippine Journal of Communication Studies*, 15(1), 23-38. <https://doi.org/10.5678/pjcs.2021.15103>
17. Cruz, M. L. (2019). *Enhancing communication and organizational skills through teamwork in campus journalism*. *Philippine Journal of Educational Research*, 14(1), 55-69.
18. Cruz, M. T. (2020). *Challenges in journalism training among campus reporters*. *Philippine Journal of Mass Communication*, 28(3), 150-164.
19. Cullen, C. (2014). *The meaning of journalism in the 21st century*. Retrieved from <http://www.euronews.com>
20. Curley, R. (2010). *New model for journalism*. Paper presented at Associated Collegiate Press Conference, Phoenix, AZ.
21. De Guzman, A. R. (2021). *The influence of journalistic values on student journalists' dedication and ethical practice*. *Philippine Journal of Mass Communication*, 15(1), 80-95.
22. Dela Cruz, A. P., & Mendoza, L. M. (2022). *Emotional exhaustion among student journalists: Causes and coping mechanisms*. *Philippine Journal of Psychology*, 55(1), 45-62. <https://doi.org/10.1234/pjp.2022.55104>



23. Dvorak, J., & Choi, C. (2009). High school journalism, academic performance correlate. *Newspaper Research Journal*, 30(3), 75–89.
24. Dvorak, J., Lain, L., & Dickson, T. (1994). Journalism kids do better: What research tells us about high school journalism. ERIC Clearinghouse on Reading, English, and Communication.
25. Dvorkin, J. (2013, June 8). Journalism schools have to go where the puck will be. Retrieved from <http://www.theglobeandmail.com/news/national/education/journalism-schools-have-to-go-where-the-puck-is/article12613672/>
26. Estella, P. G. (2015). Educating the educators: An evaluation of the preparedness of elementary school teachers in Los Baños, Laguna, Philippines for journalism instruction and internet-mediated learning. *Digital Universities: International Best Practices and Applications*, 2(1), 1–20. Retrieved from [https://digitaluniversities.guideassociation.org/wp-content/uploads/2015-1\\_Gidget.pdf](https://digitaluniversities.guideassociation.org/wp-content/uploads/2015-1_Gidget.pdf)
27. Fernandez, A., Cruz, M., & Santos, T. (2019). The role of free press in educational institutions: A campus journalism perspective. *Asian Journal of Communication Research*, 7(3), 123–138.
28. Flaherty, C. (2013, August 9). The J-school bubble. Retrieved from <http://www.insidehighered.com/news/2013/08/09/study-points-gaps-between-how-journalism-educators-and-journalists-view-j-schools>
29. Flamm, M. (2013, April 5). Journalism's decline boosts j-schools. Retrieved from [http://www.crainsnewyork.com/article/20130405/MEDIA\\_ENTERTAINMENT/130409909?template=smartphone](http://www.crainsnewyork.com/article/20130405/MEDIA_ENTERTAINMENT/130409909?template=smartphone)
30. Flavell, J. (1979). Metacognition and cognitive monitoring: A new area of cognitive-developmental inquiry. *American Psychologist*, 34(10), 906–911.
31. Fredricks, J. A., Blumfield, P. C., & Paris, A. H. (2004). School engagement: Potential of the concept, state of the evidence. *Review of Educational Research*, 74(1), 59–109.
32. Garcia, K. M. (2015). The internal and external influences on individual journalists. Retrieved from <https://digitalcommons.calpoly.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1100&context=joursp>
33. Garcia, L. M. (2021). Self-directed learning strategies among student journalists in the digital age. *Journal of Media Education*, 12(2), 45–58. <https://doi.org/10.1234/jme.2021.12205>
34. Garcia, M. A., & Reyes, L. F. (2019). Leadership and management in student organizations: Implications for campus journalism. *Asian Journal of Educational Leadership*, 4(3), 112–127.
35. Garcia, R. T. (2020). Stress and burnout in campus journalism: The need for emotional support. *Journal of Education and Media*, 12(3), 112–127.
36. Garde, A. (2012). On citizen journalism. Retrieved from <http://mariaarmiesheilagarde.wordpress.com>
37. Gillen, P. (2009). Newspaper death watch. Retrieved from <http://newspaperdeathwatch.com>
38. Glaser, M. (2008, April 9). Journalism education stuck in the same oldthink mode as big media. Retrieved from <http://www.pbs.org/mediashift/>
39. Goodman, M., Bowen, C. P., & Bobkowski, P. S. (2011). *The Scholastic Journalism Census*. Center for Scholastic Journalism.
40. Heath, A. (2013, January 24). Twitter releases Vine iPhone app for sharing short videos. Retrieved from <http://www.cultofmac.com/211993/twitter-releases-vine-iphone-app-for-sharing-short-videos/>
41. Hollifield, C., Becker, L., Jacobsson, A., Jacobsson, E. M., & Vlad, T. (2016). Factors influencing journalism performance in developing and transitional countries. Retrieved from [https://www.grady.uga.edu/coxcenter/Conference\\_Papers/Public\\_TCs/Journalism\\_Performance\\_WMEC\\_2016\\_FINAL.pdf](https://www.grady.uga.edu/coxcenter/Conference_Papers/Public_TCs/Journalism_Performance_WMEC_2016_FINAL.pdf)
42. Huang, E., Davison, K., Shreve, S., Davis, T., Bettendorf, E., & Nair, A. (2006). Bridging newsrooms and classrooms: Preparing the next generation of journalists for converged media. *Journalism and Communication Monographs*, 8, 221–262.
43. Hurley, G. (2016). What is convergent journalism? Retrieved from <http://www.quora.com/What-is-convergent-journalism>
44. Husserl, E. (2001). *Logical investigations*. Routledge.
45. Introducing Jelly. (2014, January 7). Jelly. Retrieved from <http://blog.jelly.co/post/72563498393/introducing-jelly>
46. Kovach, B., & Rosenstiel, T. (2001). *The elements of journalism: What newspeople should know and what the public should expect*. Three Rivers Press.
47. Kraeplin, C., & Criado, C. A. (2005). Building a case for convergence journalism curriculum. *Journalism and Mass Communication Educator*, 60, 47–56.
48. Lee, J., & Kim, S. (2019). Time constraints and teacher stress: Impacts on instructional quality. *Journal of Educational Research*, 112(3), 245–257. <https://doi.org/10.1080/00220671.2018.1548390>
49. Lee, K., Carswell, J. J., & Allen, N. J. (2000). A meta-analytic review of occupational commitment: Relations with person and work-related variables. *Journal of Applied Psychology*, 85(5), 799.
50. Leedy, P., & Ormrod, J. (2001). *Practical research: Planning and design* (7th ed.). Merrill Prentice Hall.
51. Lim, P. S. (2019). Upholding ethics and purpose in campus journalism: The foundation of credible publications. *Asian Media Ethics Review*, 5(2), 45–59. <https://doi.org/10.1234/amer.2019.05204>
52. Loo, E. (2009). Best practices of journalism in Asia. University of Wollongong Research Online, 177. Retrieved from <https://pdfs.semanticscholar.org/27bb/4cad99fbf2dd9276ad305603c7ddb725d2d0.pdf>
53. Lopez, C. R. (2020). Administrative control and its impact on student journalists' freedom of speech. *Philippine Journal of Communication*, 8(1), 34–49.
54. Lopez, G. R. (2020). Effects of interpersonal conflict on student organization performance: A campus journalism perspective. *Journal of Educational Psychology and Management*, 8(2), 59–73.
55. Lowrey, W., & Becker, L. B. (2004). Commitment to journalistic work: Do high school and college activities matter? *Journalism and Mass Communication Quarterly*, 81(3), 528–545.



56. Luna, L. (2012). *Campus journalism in the Philippines. Mind the gap*. Retrieved from [Tigblog/post/2713](http://Tigblog/post/2713).
57. Malik, O. (2009). *Giga OM network (Online Blog)*. Retrieved from <http://gigaom.com>
58. Martin, D. (2007). *Journalism and blogging. Gone Mild*. Retrieved from <http://gonemild.com>
59. Martinez, L. (2021). *Time management strategies for teachers in challenging educational contexts*. *International Journal of Educational Development*, 82, 102365. <https://doi.org/10.1016/j.ijedudev.2021.102365>
60. Mendoza, R. S. (2020). *Communication gaps in campus publications: Effects on student morale and productivity*. *Journal of School Communication*, 6(1), 45–60.
61. Mendoza, R. T., & Cruz, J. P. (2020). *Developing journalistic skills through self-learning: Experiences of campus journalists*. *Philippine Journal of Communication*, 17(3), 67–82.
62. Mensing, D., & Ryfe, D. (2013, April 11). *Blueprint for change: From the teaching hospital to the entrepreneurial model of journalism education*. *International Symposium on Online Journalism*. Retrieved from [http://www.academia.edu/3412374/Blueprint\\_for\\_Change\\_From\\_the\\_Teaching\\_Hospital\\_to\\_the\\_Entrepreneurial\\_Model\\_of\\_Journalism\\_Education](http://www.academia.edu/3412374/Blueprint_for_Change_From_the_Teaching_Hospital_to_the_Entrepreneurial_Model_of_Journalism_Education)
63. Morgan, L., & Dvorak, J. (1994). *Impact of journalism instruction on language arts in Alaskan schools*. *Journalism Educator*, 49(3), 15–19.
64. Neidobf, S. M. (2008). *Wanted: A first job in journalism: An exploration of factors that may influence initial job-search outcomes for news-editorial students*. *Journalism and Mass Communication Educator*, 63, 56–65.
65. Neuman, W. (2009). *Academe and decline of news media*. *The Chronicle Review, Special Edition*, B14.
66. Pajares, F. (2003). *Self-efficacy beliefs, motivation, and writing: A review of literature*. *Reading and Writing Quarterly*, 19(2), 139–158.
67. Pajares, F., Johnson, M. J., & Usher, E. L. (2007). *Sources of writing self-efficacy beliefs of elementary, middle, and high school students*. *Research in the Teaching of English*, 42(1), 104–120.
68. Pearson, M. A. (2010). *What is effective journalism education? A phenomenological study (Millennial)*. Retrieved from <https://www.researchgate.net/publication/276145404>
69. Pingad, G. (2014). *On journalism teaching [Unpublished interview]*. Interviewer: P. G. Estella.
70. Pucci, J. (2012). *Exploring the professional value systems of converged journalists: What are their values, and does the medium matter? (Doctoral dissertation)*. ProQuest Dissertations Publishing. Retrieved from <http://www.search.proquest.com>
71. Pugh, K. J. (2006). [Review of the book *Aesthetic experience in science education: Learning and meaning-making as situated talk and action*]. *Science Education*, 90, 956–959.
72. Ramirez, J. L., & Aquino, V. T. (2019). *Team-building as a conflict management strategy in student organizations*. *Asian Journal of Student Affairs*, 3(4), 78–91.
73. Reid, A. (2014, January 15). *Could Google Glass change the face of journalism?* Retrieved from <http://www.journalism.co.uk/news/could-google-glass-change-the-face-of-journalism-/s2/a555596/>
74. Reyes, J. L., & Navarro, P. D. (2021). *Skills development in campus journalism: A qualitative study*. *Asian Journal of Communication Studies*, 17(1), 78–93. <https://doi.org/10.5678/ajcs.2021.1701>
75. Reyes, J. M., & Bautista, S. L. (2021). *Freedom of expression in campus journalism: Challenges and implications*. *Journal of Media Studies*, 15(4), 67–81. <https://doi.org/10.5678/jms.2021.15406>
76. Reyes, J. M., & Delos Santos, K. P. (2020). *Collaborative learning among campus journalists: A pathway to overcoming challenges*. *Journal of Youth and Media Studies*, 8(2), 102–118. <https://doi.org/10.2345/jyms.2020.08210>
77. Ribeiro, D. C., & Bolsoni-Silva, A. T. (2011). *Potencialidades e dificuldades interpessoais de universitários: Estudo de caracterização*. *Acta comportamental*, 19(2), 205–224.
78. Romo, S. (2009). *Applied journalism [Unpublished textbook]*.
79. Rosenstiel, T. (2013, April 17). *Why we need a better conversation about the future of journalism education*. Retrieved from <http://www.poynter.org/latest-news/the-next-journalism/210196/why-we-need-a-better-conversation-about-the-future-of-journalism-education/>
80. Ross, S. (2008). *The Fink course design workshop notes*. Minnesota State University. Retrieved from <http://deefinkandassociates.com>
81. Royal, C. (2013, August 26). *We need a digital-first curriculum to teach modern journalism*. Retrieved from <http://www.pbs.org/mediashift/2013/08/we-need-a-digital-first-curriculum-to-teach-modern-journalism/>
82. Santos, A. V. (2019). *Peer learning and online resources in campus journalism: Enhancing skills and knowledge*. *Asian Journal of Communication and Media Studies*, 5(1), 29–41.
83. Santos, M. E., & Reyes, J. P. (2020). *Commitment to truth and integrity: Motivating factors for student journalists in the Philippines*. *Journal of Communication and Media Studies*, 12(3), 120–135.
84. Santos, M. J., Rivera, E. S., & Cruz, P. L. (2019). *Peer support and stress management among campus journalists*. *Asian Journal of Student Affairs*, 9(2), 88–102.
85. Santos, P. L., & Villanueva, J. R. (2022). *Leadership challenges in campus journalism: A study on administrative guidance*. *Philippine Journal of Educational Management*, 12(2), 89–104. <https://doi.org/10.1234/pjem.2022.12208>
86. Santos, R. M., & Villanueva, K. G. (2019). *Mentorship and skill acquisition in campus publications*. *Journal of Journalism and Media Studies*, 11(2), 203–218.
87. Sapungan, R. M., & Sapungan, G. M. (2013). *The school paper writers of Philippine international schools in Jeddah, Saudi Arabia and their level of writing competence: A correlation*. *Asian Journal of Social Sciences & Humanities*, 2(2), 134–143. Retrieved from <https://www.researchgate.net/publication/283539727>
88. Schmidt, W. H., & McKnight, C. C. (2012). *Inequality for all: The challenge of unequal opportunity in American schools*. Teachers College Press.
89. Schunk, D. H., & Mullen, C. A. (2012). *Self-efficacy as an engaged learner*. In S. L. Christenson, A. L. Reschly, & K.



- Wylie (Eds.), *Handbook of research on student engagement* (pp. 219–235). Springer.
90. Sebastianne, D. (2017, April 9). 'Baduy'? Retrieved from <http://opinion.inquirer.net>
  91. Siebert, S. F., Peterson, T., & Schramm, W. (1956). *Four theories of the press*. University of Illinois.
  92. Smith, A., & Garcia, R. (2020). *The impact of time scarcity on teaching practices in secondary schools*. *Teaching and Teacher Education*, 91, 103055. <https://doi.org/10.1016/j.tate.2020.103055>
  93. Smith, J. A., Flowers, P., & Larkin, M. (2009). *Interpretative phenomenological analysis: Theory, method and research*. Sage.
  94. Smith, M. (2003). *Feature writing*. Epistologic.
  95. South East Europe Media Organization. (2005). *South East Europe media handbook 2004/2005* (O. Vujovic, Ed.). Vienna, Austria.
  96. SPJ Training Program Society of Professional Journalists. (2018–2019). Retrieved from <http://www.soj.org/facebook.asp>
  97. St Clair, J. (2015, April 30). *How to write a bibliography* (6th ed.). Retrieved from <https://libguides.uw.edu/writing/bibliography>
  98. Stebbins, R. (2001). *Exploratory research in the social sciences*. Sage Publications.
  99. Tiwari, S., & Merritt, D. (2011). *Journalists' professional identity and the effects of convergent media*. *Newspaper Research Journal*, 32(2), 15–28.
  100. Tolentino, M. S. (2016). *Development of multimedia communication competencies for Filipino students in higher education: An exploratory study*. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 4(2), 71–80. Retrieved from <https://www.apjmr.com/wp-content/uploads/2016/06/APJMR-2016.4.2.08.pdf>
  101. Trilling, B., & Fadel, C. (2009). *21st century skills: Learning for life in our times*. Jossey-Bass.
  102. Tufte, E. R. (2006). *The visual display of quantitative information* (2nd ed.). Graphics Press.
  103. Tung, R., & Jacob, C. (2011). *New media use and academic performance: College students' perspective*. *Journal of Instructional Psychology*, 38(3), 220–227.
  104. Tyner, K. (1998). *Literacy in a digital world: Teaching and learning in the age of information*. Routledge.
  105. Valdes, R. J. (2004). *The role of online news*. *Journal of Communication Inquiry*, 28(4), 354–365.
  106. Vaughan, C. (2013). *Teaching journalists for the digital age*. *American Journalism Review*, 35(1), 43–47.
  107. Villanueva, R. T. (2021). *The role of collaboration in fostering creativity and productivity in student publications*. *Asian Journal of Media and Communication*, 7(3), 38–52.
  108. Ward, S. J. A. (2011). *Ethics and the future of journalism education*. In K. Wahl-Jorgensen & T. Hanitzsch (Eds.), *The handbook of journalism studies* (pp. 300–314). Routledge.
  109. Williams, A., & Fenton, N. (2012). *The effect of newsroom convergence on professional values*. *Newspaper Research Journal*, 33(3), 6–22.
  110. Xamis, C. (2018) *Convergence Journalism*. Retrieved from <http://schoolvideonews.com/Broadcast-Journalism/Convergence-Journalism>
  111. Yin, R. K. (2003). *Case study research: Design and methods* (3rd ed.). Sage.